4

# EPP

## Unang Markahan – Modyul 1: Entrepreneurship at ICT

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat upang matulungan ang mga guro at mag-aaral na mapagaaan ang kanilang pagtuturo at pagkatuto. Ang saklaw ng modyul na ito ay pinapayagan na gamitin sa iba't ibang uri ng sitwasyon. Ginamitan ng iba't ibang estratihiya ang bawat aralin upang lubusang matutunan ng mga mag-aaral ang lahat ng layunin sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP). Ang mga leksyon ay inayos upang sundin ang pamantayan nang pagkasunud-sunod ng mga aralin.

Ang modyul na ito ay hinati sa tatlong aralin:

- Aralin 1 – Ang Pagbebenta ng Produkto
- Aralin 2 – Kahulugahan ng Entrepreneurship

**EPP4IE-0a-1 and MELC p. 399**

- Aralin 3 – Kahalagahan ng Entrepreneurship


**EPP4IE-0a-1 - MELC p. 399**

Pagkatapos ng mg aralin sa modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. Naiisa-isa ang pamamaraan sa pagbebenta ng produkto.
2. Natatalakay ang mga produktong naibebenta sa pag entrepreneur.
3. Naipapaliwanag ang kahulugan nang Entrepreneurship
4. Naipapaliwanag ang kahalagahan nang Entrepreneurship

## *Subukin*

Pagmasdang mabuti ang larawan sa loob ng mga talulot. Piliin kung alin dito ang madaling ibenta sa pamilihan at magbigay ng tala ng kikitain:




Pumili ng talulot. Sabihin kung bakit ito ang napili at ano ang gagawin sa perang kinita.

# Aralin 1 Ang Pagbebenta ng Produkto

## *Balikan*



Sa larawang ipinakita, bilang isang mag-aaral paano mo matutulungan ang iyong mga magulang sa pamamahala ng iyong produkto?

## *Tuklasin*

Basahin ang talaan ni Aling Tesya sa paraan ng pagbebenta ng mga produkto.

- Itlog ng itik, manok, at pugo ipinagbibili ng por dosena
  - Pinagbubukod-bukod ayon sa laki
  - Inilalagay sa *basket* o trey
  - Maaaring ipagbili nang lansakan kung marami
- Gatas
  - Pinakukuluan bago ilagay sa malinis na bote
  - Kailangang walang mikrobyo ang gatas
  - Ipinagbibili nang nakabote

- Karne ng baka ipinagbibili ng por kilo
  - Maaari ding ipagbiling buhay
  - Iniluluwas sa pamilihang bayan
  - Ang baka o kambing ay ipinagbibili nang lansakan kung maramihan
  - Ang karne ay inilalagay sa palamigan upang manatiling sariwa

## *Suriin*

**PAMAMAHALA NG PRODUKTO**

- Maaaring ipagbili kung sobra
- Pangasiwaan nang wasto at maayos ang produkto
- Panatilihing mahusay at mataas ang uri ng produkto
- Alamin ang pangkasalukuyang presyo upang hindi malugi

**PAG-IINGAT SA IPINAGBIBILING PRODUKTO**

- Husto ang timbang
- Nabyaran ng tamang buwis
- Walang sakit
- Nasuri ng inspektor pangkalusugan

## *Pagyamanin*


Magtala sa talahanayan ang mga produkto na ibinibenta sa inyong komunidad o paaralan at ilagay kung magkano ang benta nito.

**Gawain 1**

| Produkto na ibinibenta | Presyo |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**Gawain 2**

Ipakita ang larawan. Ipasuri at ipauri ang bawat produkto. Isulat sa tapat ng larawan ang halaga ng bawat isa.



## Aralin 2 Kahulugan ng Entrepreneurship

Ang entrepreneurship ay ang proseso ng pagtuklas ng mga bagong paraan o paglikha upang mapalawak ang isang negosyo. Upang maging isang matagumpay na entrepreneur mahalaga na paunlarin mo ang iyong mga kasanayan sa pamamagitan ng edukasyon, networking, at pananaliksik.

### *Balikan*

Ano-ano ang mga dapat gawain sa pamamahala ng tindahan?


### *Tuklasin*

Entrepreneurship ang ginagawa ng mga tao upang mapasakamay nila ang kanilang mga pangarap at maging sariling direktor nito. Ito'y tungkol sa pagbuo ng sarili mong buhay. Walang boss. Walang mahigpit na schedule. Walang sinumang makakahadlang

Sumulat ng tatlong pangungusap kung paano mo maipapakita ang pagiging isang entrepreneur.



## ***Suriin***




Ano nga ba ang entrepreneurship? Sa simpleng pagpapakahulugan, ang Entrepreneurship ay tumutukoy sa paggawa at pagpapalago ng negosyo o ng mga negosyo upang kumita rito. Sa modernong panahon, ang entrepreneurship ay tinutukoy rin bilang isang hakbang upang mas mapaunlad ang mundo sa pamamagitan ng paglutas ng malalaking suliraning hinaharap nito. Halimbawa, pagsisimula ng pagbabago sa lipunan, paggawa ng makabagong produkto, at pagbuo ng epektibong solusyon.

Makakatulong din ito upang mapababa ang unemployement rates sa pamamagitan ng paggawa ng mga trabaho upang malabanan ang kahirapan. Entrepreneurship ang ginagawa ng mga tao upang mapasakamay nila ang

kanilang mga pangarap at maging sariling direktor nito. Ito'y tungkol sa pagbuo ng sarili mong buhay. Walang boss. Walang mahigpit na schedule. Walang sinumang makakahadlang sa iyo. Ang Entrepreneurs ang may kakayahan upang simulan ang unang hakbang tungo sa mas magandang mundo, isang magandang mundo na kasama ang lahat.

Ang entrepreneur ay tumutukoy sa taong nagsisimula ng negosyo na may layuning gumawa ng kita mula rito. Ang kahulugang ito ng entrepreneur ay hindi malinaw ngunit, may magandang rason para dito. Ang entrepreneur ay maaring isang tao na nagbukas ng kanilang kauna-unahang online store, maari rin itong tumukoy sa isang nagsisimulang freelancer.

Ang dahilan kung bakit sila'y tinatawag na entrepreneur, bagama't may ibang sumasalungat dito, ay dahil kaiba ang kanilang hinantungan sa kanilang sinimulan. Ang isang entrepreneur ay maaring nagsimula lang bilang dagdag kita o pang-sideline ngunit, sa katagalan ay humantong upang bumuo ng isang full-time na negosyo na may mga empleyado. Katulad din ng kwento ng mga freelancer. Kaya kung ikaw ay pokus sa paggawa ng isang mapagkakakitaang negosyo, pasok ka sa kahulugan ng entrepreneur.

Hindi natatapos lamang ang pagiging entrepreneur sa paggawa ng negosyo o trabaho. Ang ilan sa mga entrepreneur ay kilala sa malaki nilang naiambag sa mundo. Mula kay Elon

Musk na nagpadala ng mga tao sa planetang Mars, hanggang kay Bill Gates at Steve Jobs na gumawa ng computers ng bawat sambahayan, Iba-iba ang nagiging kontribusyon ng bawat entrepreneur.

Nakikita ng mga entrepreneur ang maraming posibilidad at solusyon samantalang tanging pagkayamot at problema ang nakikita ng karaniwang tao. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kahulugan ng entrepreneur, mas maraming tao ang makakilala sa kanilang mga naging ambag sa mundo.

Ang kahulugan ng entrepreneurship ay komplikado. Kasama sa kahulugan ng entrepreneurship ang entrepreneur na siyang gumagawa ng aksyon para makagawa ng pagbabago sa mundo. Mula sa isang entrepreneur na naghahanap ng solusyon para sa pang-araw-araw na problema hanggang sa isang entrepreneur na nagbigkis sa libo-libong mga empleyado, mayroon iisang katangian silang pinagkatulad: action o gawa.

Ito'y hindi lamang isang ideya na mananatili sa iyong isipan. Ang isang mahusay na entrepreneur ay bumubuo ng ideya at isinasagawa ito. Ang Entrepreneurship ay tungkol sa pagbibigay-buhay sa mga ideya.

## *Pagyamanin*

Gawain 1.

Magbigay ng limang pangungusap na tumutukoy sa kahulugan ng entrepreneurship.

Gawain 2.

Gumawa ng isang maikling tula tungkol sa kahulugan ng entrepreneurship.

# Aralin 3 Kahalagahan ng Entrepreneurship

## *Balikan*

Kasama sa kahulugan ng entrepreneurship ang entrepreneur na siyang gumagawa ng aksyon para makagawa ng pagbabago sa mundo.

Magbigay nang pangungusap kung paano mo maipapakita ang kahulugan nang entrepreneurship.

## *Tuklasin*

Ang mga Entrepreneur ay madalas tinuturing bilang superhumans. Ang kanilang mga business ideas ay mahusay, malikhain, at ambisyoso.

- Paano mo maipapakita ang kahalagahan ng entrepreneurship. Magbigay ng maikling tula tungkol ditto.

## *Suriin*

Ang mga Entrepreneur ay madalas tinuturing bilang superhumans. Ang kanilang mga business ideas ay mahusay, malikhain, at ambisyoso. Ang isang entrepreneur ay isang tao na nakakakita ng isang problema sa mundo at nagpo-pokus upang mabigyan ito ng agarang solusyon. Sila'y mga pinuno na may kakayahang mapabuti ang lipunan. Tungkol man ito sa paggawa ng bagong trabaho o produkto, sila'y patuloy na kumilos para masigurado ang pag-asenso ng mundo. Sa prosesong pag-unawa kung ano ang entrepreneurship, ating silipin kung bakit mahalaga ang mga entrepreneur sa lipunan.

Ang mga Entrepreneur ay lumilikha ng trabaho: Kung walang entrepreneur, wala ring trabaho. Ang mga entrepreneur ay sumusugal rin sa mga taong kanilang ie-empleyo. Ang kanilang ambisyon na patuloy na palaguin ang kanilang negosyo ay magbubukas ng mga bagong oportunidad. Sa patuloy na paglago nito, mas maraming trabaho pa ang magagawa. At sa huli, bababa ang unemployement rates at ang porsyento ng nagugutom.

Ang mga Entrepreneur ay lumilika ng pagbabago: Malaki ang pangarap ng mga entrepreneurs at ang ilan sa kanilang mga ideya ay sapat upang gumawa ng pagbabago sa buong mundo. Maari silang makagawa ng bagong produkto na sasagot sa matinding problemang hinaharap ng mundo o kaya'y tanggapin ang isang malaking hamon na wala ni isa man ang nagtangkang harapin noon. Marami ang naniniwala sa kanilang kakayahan upang mapabuti ang takbo ng mundo sa pamamagitan ng kanilang produkto, ideya o negosyo.

Ang mga Entrepreneur ay nagbibigay pabalik sa lipunan: Habang marami ang naniwala na ang mga mayaman ay masama at sakim, mas marami pa rin silang nagagawang mabuti kumpara sa karaniwang tao. Mas malaki ang kanilang kita, kaya mas malaki rin ang kanilang binabayad na buwis. Ang buwis na ito'y tumutulong upang bigyang pondo ang mga serbisyong panlipunan. Ang mga entrepreneurs ay ilan sa mga pinakamalaking nagbibigay sa mga charities at non-profit organizations. Ang ilan naman ay naglalaan ng kanilang pera upang maiangat ang pamumuhay ng mga nasa mahihirap na komunidad. Tulad ng pagbibigay sa kanila ng mapagkukuhanan ng malinis na tubig at mas maayos na pasilidad pangkalusugan.

Mga halimbawa ng mga entrepreneurs

Si Walt Disney ang isa sa mga nagtatag ng Walt Disney Company, isa sa mga nangungunang motion picture studios sa

mundo. Siya rin ang nasa likod ng mga theme parks tulad Disneyland and Walt Disney World. Ang kaniyang kumpanya ay nagsimula sa charater ni Mickey Mouse at sa kalaunan ay lumawak pa katulad nila Snow White, Cinderella at marami pang iba. Bilang isang entrepreneur, napagtagumpayan niya ang maraming hadlang tulad ng mga taong nagnanakaw ng kaniyang mga ideya, mga commercial failures at iba pa. Sa kabila nito, siya'y nagpatuloy at nanatiling nakatuon sa kaniyang mga pangarap.

Si Mark Zuckerberg ay gumawa muna ng ilang produkto bago niya mabuo ang Facebook. Gumawa siya ng isang instant messaging tool upang matulungan kaniyang tatay na dentista sa pakikipag-usap sa kaniyang receptionist. SI Zuckerberg din ay gumawa ng isang music software na nais bilhin ng Microsoft at AOL noong siya'y isang binatilyo pa lamang. Sa loob ng unang taon ng Facebook, mayroon na agad itong 1 milyong users. Ngayon, si Mark Zuckerberg ay may network ng $68.3 bilyon.

Si Sara Blakely ay nagsimula sa kaniyang Spanx brand noong 1998. Isa siya sa mga unang gumawa ng women's leggings. Ang kaniyang negosyo ay kilala sa mga shapewear ngunit, gumagawa rin ito ng mga bra, panties, hosiery at iba pa. Siya rin ang nag-imbento at bumuo ng arm tights, isang damit para sa kababaihan. Sa kanyang panahon, si Blakely ang pinakabatang babaeng self-made billionaire.

## *Pagyamanin*

Gawain 1.

Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang titik **T** kung tama at titik **M** kung Mali. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

______1. Ang Entrepreneurship ay tumutukoy sa paggawa at pagpapalago ng negosyo o ng mga negosyo upang malugi ito.

______2. Entrepreneurship ang ginagawa ng mga tao upang mapasakamay nila ang kanilang mga pangarap at maging sariling direktor nito.

______3. Kasama sa kahulugan ng entrepreneurship ang entrepreneur na siyang gumagawa ng aksyon para makagawa ng pagbabago sa mundo.

______4. Entrepreneurship ay tungkol sa pagbibigay-buhay sa mga ideya.

______5. Ang kahulugan ng entrepreneurship ay komplikado.

Gawain 2.

Ipaliwanag sa inyong sariling opinyon ang kahalagan ng entrepreneurship. Sumulat nang talata tungkol dito.

## *Isaisip*

Sa modernong panahon, ang entrepreneurship ay tumutukoy bilang isang hakbang upang mas mapaunlad ang mundo sa pamamagitan ng paglutas ng malalaking suliraning hinaharap nito.

Magbigay ng tatlong pangungusap na nagbibigay paliwanag tungkol sa uri nang suliranin na hinaharap sa entreprepreneurship ayon sa kahulugan nito.

## *Isagawa*

Sumulat ng isang pangungusap sa sumusunod na sitwasyon.

1. Sa palagay mo, bakit itinuturing na superhumans ang entrepreneur?

2. Bakit lumilikha nang trabaho ang isang entrepreneur?
3. Makakatulong kaya ang paggawa nang makabagong produkto sa pag-unlad nang negosyo?
4. Bakit kailangang magbayad nang tamang buwis ang isang entrepreneur?
5. Ano ang pansarili mong kuro-kuro ukol sa kahalagahan nang entrepreneurship?

## *Tayahin*

Punan ang patlang ng tamang sagot tungkol sa kahulugan at kahalagaan nang isang entrepreneur.

1. ______________ ay tumutukoy sa paggawa at pagpapalago ng negosyo o ng mga negosyo upang kumita rito.
2. Ang _____________ ay maaring isang tao na nagbukas ng kanilang kauna-unahang online store.
3. Hindi natatapos lamang ang pagiging entrepreneur sa paggawa ng ______________.
4. Kasama sa kahulugan ng entrepreneurship ang entrepreneur na siyang gumagawa ng aksyon para makagawa ng ______________ sa mundo.
5. Ang Entrepreneurship ay tungkol sa pagbibigay buhay sa mga __________.

6. Ang mga Entrepreneur ay madalas tinuturing bilang ________________.
7. Ang mga Entrepreneur ay __________ng trabaho.
8. Mas maraming trabaho pa ang magagawa. At sa huli, bababa ang _____________ rates at ang porsyento ng nagugutom.
9. Ang _______ na ito'y tumutulong upang bigyang pondo ang mga serbisyong panlipunan.
10. Ang mga entrepreneurs ay ilan sa mga pinakamalaking nagbibigay sa mga __________ at non-profit organizations.

## ***Karagdagang Gawain***

Basahin ang mga pangungusap. Lagyan ng √ **kung** tama at **X** kung Mali. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

______1. Entrepreneurship ang ginagawa ng mga tao upang mapasakamay nila ang kanilang mga pangarap at maging sariling direktor nito.

______2. Ang entrepreneur ay tumutukoy sa taong nagsisimula ng negosyo na walang layuning gumawa ng kita mula rito.

______3. Ang isang entrepreneur ay hindi maaring nagsimula lang bilang dagdag kita o pang-sideline ngunit, sa katagalan ay humantong upang bumuo ng isang full-time na negosyo na may mga empleyado.

______4. Entrepreneur ang siyang gumagawa ng aksyon para hindi makagawa ng pagbabago sa mundo.

_________5. Ang mga Entrepreneur ay hindi itinuturing bilang superhumans

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

- Batay sa larawan na nakita ko ang madaling mabenta ay ang itlog dahil itoy mura, hindi siya mabigat dalhin at madaling lutuin.
- Ang pera kinita ay pwedeng gamitin o makatulong sap ag-araw-araw na gastusin.

## *Aralin 1*

Pagyamanin:
Gawain 1 & 2
Depende sa sagot

## *Aralin 2*

**Subukin**

1. X
2. √
3. √
4. X
5. √
6. √
7. √
8. X
9. √
10. √

**Pagyamanin**

1. Pagpapalago ng negosyo
2. Gumagawa nang makabagong produkto
3. Napapababa ang unemployment walang trabaho
4. Pagbabayad nang buwis
5. Lumulutas sa problema

## *Aralin 3*

**Pagyamanin**

Gawain 1

1. M
2. T
3. T
4. T
5. T

**Tayahin**

1. Entrepreneurship
2. Entrepreneur
3. Negosyo o Trabaho
4. Pagbabago
5. Ideya
6. Superhumans
7. Nagbibigay
8. Unemployment
9. Buwis
10. Charities

**Karagdagang Gawain:**

1. √
2. X
3. X
4. X
5. X